# MGA PAGSUBOK NG KASANAYANG PAGSULAT: MAGSANAY KA!

*by:*
**Jacqueline R. Dela Rosa**
*Teacher III, Justice Emilio Angeles Gancayco Memorial High School*

Sa apat na kasanayang macro ng wika, pagsusulat ang hindi lubos na napagtutuunan ng pansin. Di gaya ng pagsasalita na katumbas ng pagsulat na mas malimit gamitin kung kaya naman ito ang kasanayan na higit na nabibigyang pansin ng mga mag-aaral, kung minsan, nang hindi nila namamalayan.

Maraming mag- aaral ang nahihirapan bumuo o sumulat. Gayunpaman, mayroon ding mga mag- aaral ang mas hiyang na sumulat upang ipahayag ang kanilang mga ideya kaysa sa pagsasalita na kung saan, sila ay kinakabahan o natatakot humarap sa mga tao. Ang bawat mag- aaral ay may kanya- kanyang pananaw o teorya sa pagsulat, at batay sa mga ito, iba't- iba ang paniniwala at pamamaraan ng mga mag- aaral ukol sa paglinang ng kasanayang ito (Petric, 2002). Ang mga nabanggit na teorya ng mga mag- aaral ukol sa pagsulat ay maaaring magmula sa samu't- saring mga kadahilanan – kawalan ng kaalaman sa paksang ipinasusulat; kakulangan ng tumpak na talasalitaan o bokabularyo na makatutulong upang maipahayag ang mga ideyang nais isulat; kawalan ng motibasyon upang sumulat at linangin ang kasanayan. Iba't- iba man ang posibleng kadahilanan, hindi nito mababago ang katotohananng ang pagsusulat ay mahalagang bahagi ng pagkatuto at hindi maaaring ipagsawalang bahala o isantabi na lamang ng mga mag- aaral at magpokus sa ibang kasanayan lamang.

Sa napakahaba na bahagi ng panahon, isang malaking pagsubok sa mga guro ang ibahagi ang kasanayang ito sa mga mag- aaral. Karamihan sa mga mag- aaral ay lubhang hindi sanay na magpahayag gamit ang pagsulat. Masyado silang nasanay sa mga audio-visual na materyal na naglipana sa kanilang kapaligiran at nakasanayan na ang umasa sa

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

mga nakikita at naririnig nila mula sa mga ito. Samakatuwid, kulang, kung hindi man ay halos walang sariling pagsasanay ang mga mag- aaral bukod sa mga gawaing ibinibigay sa paaralan (Ariana, 2010).

Pagsasanay. Ang pagsulat ay isang kasanayan kung kaya naman ang pinakamabisang paraan upang ito ay linangin ay ang pagsasanay (Ariyanti, 2016). Bukod sa apat na sulok ng paaralan, dapat dalhin at linangin ng mag- aaral ang kasanayang ito sa kanyang buhay. Gaya ng napatunayan ni Petric (2002) sa kanyang pag- aaral na ang bawat mag- aaral ay may kanya- kanyang teorya at paniniwala ukol sa pagsulat. Dapat na matimo sa isip nila na ito ay hindi isang gawain lamang, ito ay isang uri ng pagpapahayag at mabisang pamamaraan ng pakikipagtalastasan na tunay namang kapaki- pakinabang. Isang hamon sa mga guro ng makabagong panahon ang maigupo ang pang- aabuso sa teknolohiya, social media, at labis na pagkahiyang sa audio- visual na material upang mahimok ang mga mag- aaral na sumulat.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Ariana, Sim Monica. Some thoughts on writing skills . Annals of University of Oradea, Faculty of Economics (2010): pgs. 134- 140.

Ariyanti, Ariyanti. Shaping students' writing skills: the study of fundamental aspects in mastering academic writing. Indonesian Journal of EFL and Linguistics (2016).

Petric, Bojana. Students' Attitudes Towards Writing and the Development of Academic Writing Skills. The Writing Center Journal Vol. 22, No. 2 (2002): pgs. 9- 27.